## SILUMPAT PAGAR

BERNADETTE VILLANUEVA NERI

HINDI SIYA NAHIRAPANG GUMAWA NG APOY. Nagningas agad ang dahong pamparikit sa unang pagtatagpo pa lang ng mga hawak niyang bato. Agad niya itong isinubo sa nakangangang siwang sa ilalim ng tumpok ng mga tuyong kahoy. Pinaypayan niya iyon gamit ang suot na saya upang lalong magliyab. Dahan-dahang nabuhay ang baga. Unti-unti itong gumapang sa bawat piraso ng mga tuyong sanga at tangkay na pinulot niya habang tinatahak ang daang patungo sa pusod ng gubat.

Lumuhod si Kanayi. Binuklat niya ang nakatuping telang sisidlan ng parina. Pumikit siya't binulungan ito bago isinaboy sa siga. Mabilis na naghiwa-hiwalay ang isang dakot ng magaspang na pulbos at tila nag-uunahang sumisid sa apoy. Wala pang isang saglit ay pumailanlang ang makapal na usok bitbit ang masamyong amoy. Agad ihinilera ni Kanayi ang tigatlong piraso ng sumang lutlut at pusu-pusu. Marahan siyang tumayo. Nagsimulang umimbay ang kaniyang mga kamay kaparis ng mahinhing pag-alon ng dagat. Sinabayan niya ito ng magagaang na padyak at mga pabugsong ugoy ng balakang. Unti-unting nagayuma ang usok hanggang sa tuluyan na itong sumabay sa indayog ng kaniyang katawan. Noon di'y tinawag niya ang alaala ni Linamin at isinayaw kasama ng kaniyang pasasalamat.

Mataas na ang araw nang muling silipin ni Kanayi ang langit. Masyado siyang nahumaling sa sinusundang kalibangbang. Isang paruparong tila pares ng napakapinong seda ang mga pakpak. Wari'y nabuburdahan ng iba't ibang hibla ng kulay. Sumasabog na parang bahaghari sa tuwing tatamaan ng sinag ng araw. Noon niya ito napansin—nang sumambulat ang 'sanlibong bahaghari sa gitna ng kakahuyan. Halos lumuwa ang kaniyang mga mata. Ayaw niya ni kumurap man lang.

"Hindi maaari," bulong niya.

Umalingawngaw sa kaniyang isip ang mayuming halakhak ni Linamin.

"Ganyang-ganyan din ang sagot ko noon sa tuwing makaririnig ako ng tungkol sa kalibangbang," wika ni Linamin nang minsang mapag-usapan nila ang masalamangkang paruparo. "Hindi kasi ako naniniwala."

Napangiti si Kanayi. Maraming kuwento na rin tungkol sa pambihirang kulisap ang narinig niya. Iba't ibang bersiyon pero iisa ang sinasabi. Ano't anoman ang mangyari'y tutumbukin nito ang silumpat pagar. Isang halamang makapagbibigay-lunas umano sa kahit anong sakit. Kalibangbang ang palatandaang may ganoon nga sa isang gubat.

Dinampot ni Linamin ang tuyong sangang nakaharang sa kanilang harapan at iniabot kay Kanayi. "Hindi ko nga akalaing ako mismo, makakakita," bigla niyang hininaan ang boses na para bang umiiwas marinig ng iba, "Dito."
Napahinto sa ginagawa si Kanayi at natahimik. Di niya mawari kung nagbibiro ba o hindi ang kausap. Tiningnan niya ito.

Sinamantala naman iyon ni Linamin upang ibida ang kaniyang nasaksihan. "Iyon ang araw na napadpad ako rito," simula niya. "Mga bugnang hitik na hitik sa talbos ang bumati sa akin. Agad akong nagpunta sa tabi ng sapa upang makapamitas. Ngunit bago pa man ay may kung anong liwanag ang kumurap sa di kalayuan." Bahagya siyang humilig palapit kay Kanayi. "Kinutuban ako. Hindi pangkaraniwan ang gayong liwanag." Tumingala si Linamin, tila naghahanap ng sagot sa mga ulap. "Nagmasid pa akong mabuti upang tiyakin ang aking hinala. At bigla ngang may pumagaspas!" Napapikit si Linamin na para bang muling nasisilaw sa nagbabalik na gunita. Dahan-dahang umaliwalas ang kaniyang mukha, kasabay ng kaniyang boses, "Pagkatapos ay umulan na ng iba't ibang kulay."

Sinubukang paniwalaan ni Kanayi ang kaibigan. Una, hindi naman ito magsisinungaling sa kaniya. Pangalawa, naisip niyang kung sakaling totoo ang silumpat pagar, hindi nga malayong tumubo iyon sa kanilang gubat.

Higit pa sa salamangka ang bumabalot sa kanilang kakahuyan. Ito ang tahanan ng mga diwata at iba pang may kapangyarihang nilalang. Sa gitna nito'y may isang gabundok na batong pinaniniwalaang lagusan tungo sa mundo ng kahiwagaan. Tinatanuran pa nga raw ito ng mga espiritu. Kaya naman binansagan itong naliyanun o sagradong lupa ng kanilang mga ninuno. Dito naglalagak ng mga handog pampaamo sa mga nagbabantay. Pagkakataon na rin iyon upang ilapit ang iba't ibang kahilingan na kadalasan ay naipagkakaloob naman—masaganang ani, ligtas na paglalakbay, matagumpay na kasunduan, lunas sa karamdaman. Maaari nga, bulong ng kaniyang isip.

Walang ano-ano'y napailing si Kanayi. Bigla kasing nagbalik ang isang alaala na sinundan ng rumaragasang pagdududa. Napakarami nang ipinamalas na himala ng kanilang gubat subalit para sa kaniya'y hindi maaaring ibilang ang paruparo at ang halamang iyon. Dahil kung totoo ang silumpat pagar, hindi sana lumisan ang mga taga-Isumbo.

Pula ang maliliit na butlig na sumingaw sa balat ng mga taga-Isumbo maraming taon na ang nakalilipas. Nanunuot hanggang kalamnan ang kati at hapding hatid ng bawat butil. Init ng kumukulong likido ang dumaloy sa kanilang mga ugat at bumara sa kanilang lalamunan. Pagkatapos ay dahan-dahan silang sinakal ng mga hindi nakikitang kamay. Hangin daw ang may dala ng sakit. Bawat mahipo nito'y nahahawa. Kaya naman agad ibinukod ang mga may karamdaman, kabilang si Kanayi at ang kaniyang mga magulang.

Tatlo noon ang baliyan ng Isumbo ngunit wala ni isa man sa kanila ang nakapagbigay ng lunas. Hindi raw tinanggap ng mga diwata ang alay na dugo ng manok at baboy. Ang masaklap pa, nahawa maging silang mga inaasahang makapanggagamot. Dali-daling dinala sa paanan ng naliyanun ang mga maysakit upang doon dumulog ng lunas. Araw-gabi silang nagsumamo subalit walang espiritung nakinig. Hindi nagtagal ay isa-isang binawian ng buhay ang mga nahalikan ng labaw-tipdas. Ang paanan mismo ng sagradong lugar ang nagsilbi nilang libingan. Tanging si Kanayi ang nakauwi mula sa gubat.

Walang makapagsabi kung saan nagmula ang sakit, kung bakit ang Isumbo ang naging tudlaan nito. Ang haka ng ilan ay parusa ito sa mga nanghimasok sa naliyanun nang walang paalam. Ngunit lalong hindi maipaliwanag kung bakit may isang nakaligtas. Kinatakutan ang pagbabalik ni Kanayi. Noon di'y nagpasya ang mga natitirang tao ng Isumbo na ialay ang dalaga sa gubat bilang bantay nito. Pagkatapos ay dali-dali nilang nilikas ang lugar upang iwan ang epidemya ng lumbay at kamatayan.

Halos di napansin ni Kanayi nang magsalitang muli si Linamin.

"...Tingin ko'y naririto ang isang napakahalagang lunas."

Buntong-hininga ang unang naging tugon ni Kanayi. Yumuko siya't hinigpitan ang pagbungkos sa mga sangang napulot nila. "Sa tingin ko'y wala," mababanaag ang pait sa kaniyang tinig. "Baka namalikmata ka lang."

Muling pumagaspas ang mga pakpak ng kalibangbang. Lumipad ito papasok sa gitna ng gubat. Nagmamadaling sumunod si Kanayi subalit nakawala pa rin ito sa kaniyang paningin. Gayumpaman, hindi siya nabahala. Nanatili siya sa kaniyang kinatatayuan at naghintay. Nakiramdam ng kaluskos o kahit anong tanda ng pagkilos sa paligid. Walang ano-ano'y natanaw niya ang tila pagguhit ng makulay na liwanag sa direksiyon ng bukal na pinagmumulan ng batis. Niluksuhan niya ang batong nakaharang sa daan. Sinalubong ang kaniyang binti ng talim ng isang nakausling tinik. Nagalusan si Kanayi ngunit hindi niya ininda ang sakit. Mas nais kasi niyang makita ang halamang dadapuan ng paruparo. Nakatakas ang tig-isang patak ng luha sa mga mata ni Kanayi. Agad niya itong pinunas subalit hindi napalis ang mga alaala.

Wala siyang nagawa. Kailangan niyang igalang ang kasunduan. Takot na takot siyang mabuhay sa loob ng gubat lalo pa't mag-isa. Ngunit mas kinatakutan niyang makapagpahamak ng iba, ng mas marami, kung siya ay susuway. Hindi maaaring maulit ang labaw-tipdas, usal niya. Ang pasyang iyon ang nagbigay sa kaniya ng tapang na masdan ang pag-alis ng mga taga-Isumbo matapos siyang ihatid ng mga ito sa bungad ng gubat.

Lilim ng mga punong Báktik, Aguho, at Angri ang unang kumupkop kay Kanayi. Kalauna'y natuklasan niya ang nagtatagong guwang sa mukha ng dambuhalang bato ng naliyanun. Agad niyang tinipon ang mga napitas niyang bunga at dahon, at inilagak sa bungad ng guwang. Lumikha siya ng apoy. Sumunod ay maghapon-magdamag siyang nagsumamo sa mga diwata na payagan siyang doon manahan. Patapos na ang ikatlong araw nang biglang umulan. Tinanggap iyon ni Kanayi bilang tanda ng pagsang-ayon ng mga espiritu sa kaniyang hiling. Agad-agad siyang sumilong sa guwang at tuluyang pumaloob sa kalinga ng kagubatan.
Ibinigay ng naliyanun ang lahat ng kaniyang kailangan mula sa matitirahan hanggang sa makakain. Kapalit niyo'y pinaghusayan niya ang pagbabantay rito mula sa mga mapangahas na dayo.

Kinilala ni Kanayi ang pasikot-sikot ng gubat. Inaral niya ang wika ng kalikasan. Lumikha siya ng bäbäräk, isang maliit na plawtang may apat na butas,

gamit ang natagpuan niyang buto na hula niya'y mula sa tadyang ng isang byäk. Ang musika niyon ang naging tulay niya sa pakikipagkaibigan sa mga ibon at hayop na doo'y naninirahan. At di nagtagal, tulad nila, naging bahagi na rin si Kanayi ng naliyanun.

Mabilis na napakibagayan ni Kanayi ang bago niyang tahanan. Gayumpaman, may mga pagkakataon pa ring di niya maiwasan ang pananamlay. Madalas itong mangyari kapag nagpapahinga na ang gubat. Hindi mapanganib ang gabi para sa kaniya. Ayaw lang talaga niya ng katahimikan. Ayaw niyang marinig ang kaniyang isip. Noon kasi niya nararamdamang nag-iisa siya. At kahit gaano pa siya awitan ng mga kuliglig at kandigan, hindi napupunuan ang kung anong puwang na kaniyang nararamdaman. Noon niya napagtantong hindi sapat na mayroon siyang kanlungan. Hindi siya niyon kayang kumutan mula sa lamig ng pag-iisa.

Muling itinuon ni Kanayi ang pansin sa paruparong di magkamayaw sa pagpagaspas. Lumigid-ligid ito sa isang sangang nakayungyong sa batis. Tila namamangha sa paghihilamos ng mga dahong nakakabit dito; sa maya't mayang pag-ahon ng mga munting luntiang hiyas na kumikislap sa tuwing dadaiti ang sinag ng araw. Kumurap-kurap si Kanayi upang aliwin ang nangangalay niyang mga mata. Noon niya naalalang dito nga pala sila unang nagkita.

Nangangahoy noon si Kanayi nang matanaw niyang may isang nakatalungko malapit sa batis. Hindi siya nagtaka. Bagaman wala nang ibang naninirahan malapit sa naliyanun, mayroon pa ring mangilan-ngilang baliyang nagpupunta rito upang mag-pagdiwata. Paraan nila ito upang umugnay sa mga espiritu. Dala ang pinakamalulusog na alagang hayop at ang mga bagong lutong kakanin na magsisilbing alay, idinadalangin ng mga baliyan ang karamdamang di nila malunas-lunasan. Mapanganib ang gayong uri ng ritwal. Banta ng kamatayan ang pagbating sumasalubong sa mga bisita ng sagradong lupa. Ayaw kasing nagagambala ng mga diwata kaya't inililigaw ang sinumang dayuhan sa gubat hanggang sa maubusan ng makakain, malapa ng gumagalang landak, o kaya'y makatagpo ng kung anomang sakuna. Ang iilang nakabalik ay umuwing mäbusung o may namamagang tiyan, isang tandang napabaunan siya ng di malulunasang sakit. Ang iba nama'y nasiraan ng bait. Gayumpaman, mayroon pa ring mga baliyang nangangahas. Mas malaki raw kasi ang pagkakataong matugunan ang kanilang hiling dahil dito, kung saan naroon ang sinasabing lagusan, tiyak na may makaririnig sa kanilang dasal.

Isa na namang dayo, naisip ni Kanayi. Agad siyang nagkubli sa likod ng pulumpon ng bagu at nagmasid. Iniisip pa lamang niya kung paanong ibibigay

ang babala bago pa makapasok ang dayo sa pusod ng gubat nang mapansin niyang may kakaiba rito: Isa itong babae. Iyon ang ipinagtaka niya. Ano ang ginagawa sa naliyanun ng isang babae? May panunuya sa kaniyang ngiti nang punahin niya ang sarili bagaman tiyak siyang magkaiba sila ng kalagayan.

Muli niyang sinilip ang dayo na namimitas ng talbos ng damong bugnan sa pampang na para bang pag-aari niya ang mga ito. Lalong nabahala si Kanayi. Hindi maaaring basta-bastang kumuha ng kahit anong pagmamay-ari ng mga diwata. Ipinagpapaalam ang lahat sapagkat naparurusahan ang mga pangahas at maging ang mga walang-alam. Di niya batid kung alin sa dalawang iyon ang dayo. Subalit sigurado siyang kailangang mailigtas ang dalaga.

Wangis ng sipol ng isang agilang nagbibigay-babala, hinipan niya ang bäbäräk. Sabay-sabay na nagliparan ang mga nakaintindi nito. Panandaliang sumalimbay sa itaas ang mga ibon habang pinupuno ng halo-halong huni ang paligid. Pagkatapos ay nagmadali silang lumipad tungo sa iba't ibang direksiyon. Nanahimik ang gubat. Maging ang hangin ay tila tumigil sa pag-ihip.

Sinilip ni Kanayi ang babaeng kanina'y nakatalungko malapit sa batis. Napangiti siya nang matigilan ito, tumayo at pinagmasdan ang langit. Gayon ang palaging reaksiyon ng mga dayo sa pagtatanghal ng mga kaibigan niyang ibon. Nagigitla. Natatakot. Ang iba pa nga'y kumakaripas agad ng takbo. Hindi niya mabasa kung ano ang nasa isip ng babae pero sigurado siyang tulad ng iba, magmamadali na itong lumabas sa gubat.

Mahina ngunit malamig ang himig na dahan-dahang pumailanlang at gumahis sa katahimikan. Hindi gumalaw si Kanayi. Pinakiramdaman niya kung saan nanggagaling ang awit. Unti-unti niyang napansin ang marahang pagkumpas ng mga dahon sa paligid ayon sa ritmo ng himig. Ilang saglit pa'y sinaliwan na ito ng mayuyuming huni ng paisa-isang nagbabalikang mga ibon. Nagulat siya dahil ang ilan sa mga iyo'y dumapo at nakipaglaro pa sa dayo. Noon niya napansing ang babae pala ang lumilikha ng nakahahalinang awit:

Binibining Limukän
Tigib ng kabutihan
Ako'y pahintulutan
Manlimos ng k'alaman
Diwatang Lunting Punay
Loobin ko'y 'yong masdan
Binibining Limukän
Ako'y 'yong kaibigan

Nanlaki ang mga mata ni Kanayi nang biglang lumingon ang dayo sa direksiyon niya. Hindi niya tiyak kung ano ang dapat gawin. Iningatan niyang huwag makita ninuman simula nang manirahan siya sa naliyanun. Iyon ang unang pagkakataong hindi siya nagtagumpay. Bagaman kinakabahan, nagpasya siyang tumayo at tingnan din ang dayo. Ilang saglit muna ang lumipas bago nakapagsalita si Kanayi.

"Sino ka?" nagbabantang sigaw niya. "Hindi ka dapat naririto."

Ihinarang ng babae ang kaliwang hintuturo sa tikom nitong bibig. Muli itong yumuko at nagpatuloy sa pamimitas ng mga dahon.

Agad itong nilapitan ni Kanayi.

"Mapanganib 'yang ginagawa mo," babala niya. "Kailangang ipagpaalam ang pagkuha ng mga bagay na hindi mo pag-aari."

Itinubog ng dayo ang mga bagong pitas na talbos sa batis. Pagkatapos ay dinikdik niya ito sa ibabaw ng isang malapad na bato. Pinatakan niya iyon ng langis mula sa isang maliit na sisidlang nakatali sa kaniyang baywang. "Ang dahon ng bugnan," sabi niya habang minamasa ang sapal at katas ng dahon sa langis, "ay para sa nagtutubig mong sugat."

Napaigtad si Kanayi nang biglang hinawakan ng dayo ang kaniyang paa. Noon lang niya napansin ang hapding nagmumula rito. Namamaga na pala ang natamo niyang hiwa mula sa nakausling bato noong isang araw.

Marahang hinugasan ng dayo ang mga paa ni Kanayi. May ginhawang hatid ang magaang na pagdampi ng mga palad kaya't hinayaan niya ito.

"Paiimpisin nito ang pamamaga upang mas mabilis na maghilom," sabi ng babae habang ipinapahid ang katas sa sugat.

Mainit ang pakiramdam ng nilangisang sapal sa balat subalit may kakaiba itong dulot na ginhawa. Naramdaman ni Kanayi ang unti-unting panunuot ng katas mula sa mukha ng sugat tungo sa kaibuturan nito. Biglang namanhid ang kanina'y pinagmumulan ng kirot.

Napalingon siya sa babae. Napagtanto niyang liban sa naliyanun, mayroon pang ibang maaaring kumalinga sa kaniya.

Ngumiti ang dayo at nagpakilala, "Ako si Linamin."

Patuloy na sinundan ni Kanayi ang paruparo hanggang sa unti-unting naging pamilyar ang daang tinatahak nito. Napangiti siya nang mapagtantong patungo ito sa higanteng bato ng naliyanun, sa kaniyang tahanan.

Muli niyang naalala ang gabing pinatuloy niya si Linamin.

Malamig ang hangin sa labas subalit komportable sa loob ng guwang. Bukod sa makapal na batong nagsisilbing pader nito, pinananatili itong mainit ng isang maliit na siga. Isinalang doon ni Kanayi ang palayok na pinaglalagaan niya ng mga gulay. Nakadungaw ang ilang dahon sa bunganga nito. Pandalawang kainan kasi ang pilit niyang pinagkasya. May bahid ng panghihinayang nang maisip niyang halos kalbo na nga pala ang mga halamang pinipitasan niya. Ilang araw pa siguro ang lilipas bago umusbong ang mga bago nitong supang. Gayumpaman, naisip niyang ngayon lang naman siya tumanggap ng bisita. Wala siyang naramdamang pag-aalinlangan dahil sinasang-ayunan ito ng mga espiritu at diwata. Mahusay kasing kumilates ng pagkatao ang mga ibon, at mabuting pahiwatig ang pakikipaglaro ng mga ito sa isang tao. Ibig sabihi'y payapa ang kalooban ng dayo't walang masamang binabalak.

Tiningnang mabuti ni Kanayi si Linamin na nakaupo malapit sa apoy. Maingat itong nagsasalansan ng sari-saring mga dahon, bulaklak, ugat, at iba pang mga natipon nito sa maghapon. Tamang-tama ang pagtama ng liwanag kaya malinaw niyang nakita ang bawat anggulo at kurba ng mukha ni Linamin. Tantiya ni Kanayi'y hindi nagkakalayo ang gulang nila. Kaya naman labis niyang ipinagtaka kung bakit tila napakarami nitong alam sa mga halaman.

"Naglalakbay ako sa iba't ibang lugar upang maghanap ng lunas," sabi ni Linamin nang mapansin ang mga matang nagmamasid sa kaniya. Kumuha siya ng isang piraso ng bilugang dahon. Itinapat niya ito sa liwanag at sinuri, "At upang makapagbigay-lunas."

"Makapagbigay-lunas?" Bumilis ang tibok ng puso ni Kanayi kasabay ng biglang pagkulo ng kaniyang pagdududa. "Sa aming tradisyon, mga lalaki lang ang maaaring maging baliyan."

Natigilan si Linamin. Tulad ng kaniyang mga magulang, nagkamalay siyang kumikilala ng iba't ibang ubat o halamang gamot. Ang pamamahagi ng lunas na taglay ng mga halamang iyon ang kaniyang kinahiligan at kinagawian. Kaya naman wala siyang humpay sa pagbabayan-bayan upang makapanggamot.

Muli niyang tiningnan si Kanayi. Hindi niya maintindihan ang pagtataka ng kausap. Ngunit nang makita niyang seryoso ito ay biglang bumalik ang kahinahunan sa kaniyang mukha. Ngumiti siya. "Gano'n ba?" sabi niya. "Subalit alam mo," huminto siya nang kaunti habang humaharap kay Kanayi, "Kahit sino'y maaaring maging manggagamot."

Kumunot ang noo ni Kanayi. Ayaw niyang maniwala subalit nais mag-usisa ng bahagi niyang nagtataka. Inisip niya kung paanong ang isang babae'y makapanggagamot.

"Halika rito," sabi ni Linamin. "May ipakikita ako sa 'yo."

Halos malula si Kanayi nang ilabas ni Linamin ang katipunan ng itinuturing nitong mga gamot. Mga dahon ng iba't ibang hugis at kulay, mga talulot ng sari-saring bango at laki, mga butong batik-batik, at ilang klase ng mga ugat. Ipinakita rin sa kaniya ang mga pinatuyong bahagi ng halaman na dinikdik upang maging pulbos.

"Makapangyarihan ang mga halaman," sabi ni Linamin. "May lunas sa bawat katas, dagta, at sapal nito. Tungkulin ng mangagamot na alamin kung para saan ang mga iyon."

Kilala ni Kanayi ang karamihan sa mga dahong ipinakita sa kaniya. Mayroong mga halaman na sa ilang na bahagi lang ng gubat tumutubo, pero marami rin ang mga parang damo lang sa paligid. Subalit ngayon lang niya nalamang may kakayahan pala ang mga iyong makapagpagaling.

"Iyon ang nais ng mga diwata't espiritung nangangalaga sa mga halaman," siguradong sambit ni Linamin, "Ang matuklasan ang lunas nitong taglay."

Biglang huminahon ang pagkampay ng kalibangbang habang unti-unti itong lumalapit sa guwang. Dagli namang umusbong ang kaba kay Kanayi. Mukhang sa bato ng naliyanun nabubuhay ang silumpat pagar, kutob niya. Nag-alinlangan siya. Hanggang ngayon, hindi pa rin siya makapaniwalang may sinusundan siyang kakaibang paruparo. Kung sakali'y maging handa kaya siyang tanggaping totoo ang silumpat pagar?

Iglap lang ang lumipas bago tuluyang nakapasok sa guwang ang mahiwagang insekto. Iglap rin lang ang dumaan bago muling umulan ng bahaghari.

Ilang beses nang nilisan ni Linamin ang naliyanun upang ipamahagi ang kaniyang kasanayan. Ngunit bumabalik siya sa sagradong lupa upang muling tumuklas ng panibagong lunas. Higit na maraming gamot umano ang natagpuan niya rito kaysa sa iba niyang napuntahang kakahuyan. Dagdag pa'y umaasa pa rin siyang naririto ang silumpat pagar.

Para naman kay Kanayi, pagkakataon iyon upang makinig sa mga kuwento ng kaniyang kaibigan. Ibinibida kasi ni Linamin ang lahat ng kaniyang karanasan sa paglalakbay at sa panggagamot. Bukod pa roo'y di nito nakalilimutang magpasalubong ng mga pagkain mula sa bayan-bayan. Kaya't para na ring nasaksihan ni Kanayi ang bawat pangyayari, at tila nakilala na rin niya ang mga taong nakasalamuha ni Linamin. Gayon niya unti-unting natutunan ang pagpapangalan sa mga halaman. Di naglaon ay nakabisa na niya ang pagpapatuyo at pagsasalansan ng mga ito ayon sa sakit na kanilang nilulunasan. Lalo niyang kinasabikan ang bawat pagbabalik ni Linamin hindi lang dahil sa kaalaman kundi dahil sa gayong paraan lamang siya nakapaglalakbay.

Makapal ang batong nakapalibot sa guwang kaya naman kahit malakas ang ulan sa labas ay napipigilan ang tuluyang pagtagos ng ginaw. Sinasalat ni Kanayi ang pinipino niyang pulbos nang tahimik na dumating si Linamin. Marahan nitong ipinagpag ang palapay ng niyog na hinabi upang maging pananggalang sa ulan, at pagkatapos ay isinampay sa isang malaking batong tila tumatanod sa bunganga ng guwang. Mahinahong umupo si Linamin sa harap ni Kanayi, malapit sa apoy, at nagpatuyo ng mga bahaging naanggihan ng ulan. Bakas sa mukha nito ang pagkabahala.

Nagtaka si Kanayi sa biglang pagdating ni Linamin. Ilang linggo pa lamang ang lumilipas, mas maikli kaysa sa mga nakaraan nitong panggagamot. Pero ayaw mag-usisa ni Kanayi. Nais niyang si Linamin mismo ang magsalita.

Pinagmasdan ni Linamin ang mahinang apoy sa siga bago bahagyang nilaro ang ilang tumpok ng abong malapit dito. Ilang saglit pa'y binawi niya ang mga kamay na para bang biglang napaso. Idinantay niya ang mga ito sa kaniyang mga hita. Kalmado ang kaniyang boses. "Kailangang mag-ingat. May nagbabawal sa ating panggagamot." Biglang dumiin ang kaniyang pahayag. "Mga taong di natin kakulay."

Sandaling pinigil ng mga katagang iyon ang hininga ni Kanayi. Nag-unahan ang mga bagay na nais niyang itanong bagaman di naman siya nakapagsalita. Sino ang mga taong di natin kakulay? Ano ang karapatan nilang ipagbawal ang pagbibigay ng lunas?

“May ipinalalawig silang bagong paniniwala. Ayon sa kanila’y hindi tama ang ating paraan.” Minasdang muli ni Linamin ang abo habang nagkukuyom ang kaniyang mga palad. Huminga siya nang malalim bago nagpatuloy. “Marami na ang nahuli. Ang iba’y napilitan nang umayon. Mayroong lumayo’t nagtago—.” Bahagyang bumuka ang bibig ni Linamin na para bang may nais pa itong sabihin. Subalit sa halip na mga salita’y isang malungkot na ngiti ang pinakawalan nito.

Hindi tiyak ni Kanayi kung ano ang ibig sabihin ng ngiting iyon. Pero ramdam niya ang lumbay na kakambal nito, nagmumula sa kaloob-looban ni Linamin. Hindi niya alam kung paano papayapain ang kaibigan.

Ang mahinang paglagitik lang ng mga tuyong sangang nagliliyab ang maririnig sa loob ng guwang kaya’t ibinaling doon ni Kanayi ang kaniyang paningin. Inabot niya ang isang naligaw na patpat, at iginitna ang mga gatong sa pamamagitan nito. Kasabay niyo’y iwinaksi niya ang agam-agam na maaaring mamaalam ang kaniyang kaibigan sa panggagamot.

Pinagmamasdan niya ang marahang pagsayaw ng apoy nang biglang dumakip ng isang maliit na ningas ang tangan niyang patpat. Bigla niyang naalala ang silumpat pagar, ang minsang pag-uusap nila tungkol dito, ang sigla ng mga mata ni Linamin nang sabihin nitong nakita niya ang kakaibang paruparo.

“Paano kung totoo nga ang mahiwagang halaman?” Nakatitig pa rin si Kanayi sa nagniningas na dulo ng tangan niyang patpat. Hindi siya naniniwala sa silumpat pagar ngunit kung ito ang magiging dahilan upang mabuhayang muli ng loob ang nag-iisa niyang kaibigan, paniniwalaan niya ito. “Di ba’t nakita mo na ang kalibangbang?” paalala ni Kanayi. “Kung gayo’y naririto rin lang ang silumpat pagar.”

Napalingon si Linamin. Bahagyang umarko ang isang kilay nito, nagtatanong.

“Kung matatagpuan natin ‘yon, kahit anong sakit, gagaling,” pagpapatuloy ni Kanayi. “Malamang na hindi na kayo pagbawalan. Hindi mo kailangang huminto sa panggagamot.”

Nakilala ni Linamin ang ginagawa ni Kanayi. Napangiti siya. “Huwag kang mag-alala. Hindi naman ako titigil,” sabi niya. Umupo siya nang tuwid at tumingin sa kausap, bakas sa mga mata ang katapatan sa bawat binibitawang pahayag. “At ano nga ba naman ang magagawa ng mga dayong iyon? Likas sa atin ang

magpagaling." Biglang nanumbalik ang sigla sa kaniyang mga mata. Minasdan niya ang hanay ng mga dahon at ugat na isinalansan ni Kanayi, at pagkatapos ay ngumiti. "Hangga't patuloy na tumutubo't nabubuhay ang mga halaman, magpapatuloy rin ang pagbibigay ng lunas."

Biglang tumayo si Linamin at nagtungo malapit sa bungad ng guwang. Doo'y sinilip niya ang langit sa pagitan ng mga patak ng ulan. Inilipad ng ihip ng hangin ang ilang hibla ng kaniyang buhok. Pinalis niya ang mga ito at isinukbit sa kaniyang mga tainga. Pagkatapos ay nakangiting humarap kay Kanayi. "Isa pa," sabi niya, "nakita ko na ang silumpat pagar."

Sumilip si Kanayi mula sa sandaling pagkakapikit. Madilim na ang paligid liban sa mga bakas ng matitingkad na kulay na kani-kanina lamang ay sumilaw sa kaniya. Hinanap niya ang kakaibang paruparo ngunit wala na ito. Nagdesisyon siyang lapitan ang lugar kung saan niya ito huling nakita bago pa tuluyang mapawi ang mga iniwan nitong kulay.

"Saan? Dito sa naliyanun? Kailan?" sunod-sunod na tanong ni Kanayi. Di siya nanghihingi ng patunay sa kahit anong sabihin ni Linamin—liban na lamang sa huli nitong binanggit. Isa pa'y nais din niyang pagtakpan ang isang damdamin. Bakit kaya di niya ito agad sinabi? tanong ni Kanayi. Di niya nagustuhan ang pag-usbong ng pakiramdam ng kamangmangan, ng kawalang-alam.

Mabining halakhak lamang ang naging tugon ni Linamin. Nagmamadali siyang lumapit sa siga, lumuhod at pumikit. Bumukas-sara ang kaniyang bibig na parang umuusal ng panalangin. Walang ano-ano'y nagsaboy siya ng parina sa apoy. At kasabay ng pagkapal ng usok at paghalimuyak ng paligid, marahang tumayo si Linamin. Umiimbay ang kaniyang mga kamay na tila may hinahabi sa hangin. Umuugoy-ugoy ang kaniyang baywang, at pumadyak ang mga paa.

Napansin ni Kanaying pinipigil na pala niya ang paghinga habang pinanonood ang pag-indayog ng bawat bahagi ng katawan ni Linamin, ang maaliwalas nitong mukha habang nakapikit na umiindak. Ngayon lang niya nakita nang gayon ang kaibigan. Sa kung anong dahilan ay nakapagdulot iyon sa kaniya ng kapayapaan. Noon siya naniwalang totoo nga ang sinasabi nito.

Iyon ang huling alaala niya kay Linamin.

Hindi pa ito nakababalik matapos lumisan upang muling manggamot. Marahil ay patuloy pa rin itong naglalakbay upang magbigay ng lunas sa mga

nangangailangan. Dahil dito'y lalo pa niyang ipinagdasal sa mga diwata ng naliyanun na kalingain ang kaniyang kaibigan.

Naglaho na ang bakas ng mga kulay na iniwan ng kalibangbang nang marating ni Kanayi ang dinapuan nito. Unti-unti siyang nabingi sa papalakas na pintig ng kaniyang puso. Hindi siya makapaniwalang nasa kaniya ngayon ang pagkakataong makita rin ang silumpat pagar. Pigil ang kaniyang paghinga hanggang sa may kung anong pumiga sa kaniyang puso nang mamasdang wala ang kaniyang inaasahan.

Bigla siyang nakaramdam ng pagod. Humihingal na napaupo si Kanayi sa batong nasa kaniyang harapan. Pinigil niya ang pagpasok ng panghihinayang. Agad niyang ikinatwiran na wala namang magiging silbi ang silumpat pagar. Di naman niya ito magagamit dahil kailangan niyang bantayan ang naliyanun. Naisip niyang mas mabuti na ring di niya ito nakita.

Sasandal na sana siya nang mapansin niya ang hanay ng mga dahon, buto, ugat, at bulaklak na siya mismo ang nagtipon. Naamoy niya ang manamis-namis na halimuyak ng langis na siya mismo ang gumawa. Sinalat niya ang bawat isa ayon sa pagkakasalanlan ng mga ito. Unti-unting nanuot sa kaniyang mga palad ang halo-halong kinis at gaspang. Sumalimbay sa kaniyang isip ang bawat pangalan, ang bawat karamdamang nilulunasan ng mga pinatuyong piraso at pulbos, ng mga katas at sapal. Tila nasisilayan niya ang marahang paggapi ng mga ito sa kirot ng bawat sugat at karamdaman. Pagkatapos ay nakaaninag siya ng mga ngiti ng ginhawa. Mga ngiting tulad ng nasa kuwento ni Linamin.

Bago pa sumayad sa kaniyang likod ang lamig ng bato'y agad na siyang kinilabutan. Napaluha si Kanayi. Noon lamang niya tuluyang naintindihan.
Dagli siyang tumayo at nagtipon ng mga sangang nagpapahinga sa loob ng guwang. Maingat niya itong ihinanay paikot hanggang sa maging isang tumpok ng mga kahoy na ilang sandali pa'y magsisilbi na niyang liwanag. Napaluhod siya at muli't muling napausal ng pasasalamat. Dumampot siya ng dalawang bato ngunit bago pa niya pag-umpugin ang mga ito'y may kung anong nagningas sa kaniyang isip at inilawan ang isang malinaw na larawan. Doon, nakita niya ang sarili kasama ang mga alaala ni Linamin, naglalakbay, namamahagi ng lunas.

**Tala**

Taong 2007 unang naisulat ang kuwento bilang "Ang Manggagamot." Pinalitan ko ang pamagat tungong "Silumpat Pagar" matapos itong muling isaayos noong 2009 para sa aking tesis masteral na "Naratibô: Pagkatha Bilang Pagtatala ng Lesbiyanang Gunita."

Ang Linaminan ay isang rock shelter o malahiganteng bato na yari sa limestone. Matatagpuan ito sa Barangay Isumbo, Sofronio Española, Palawan. Pinaniniwalang tumutubo rito ang silumpat pagar, isang halamang nakagagamot umano ng kahit anong sakit. Gayumpaman, wala pang nakakakita rito. Tinatawag na naliyanun o sagradong lugar ang Linaminan ng mga katutubong Palaw'an dahil dito umano naninirahan ang isang makapangyarihang diwatang nagngangalang Linamin (sa kaniya ipinangalan ang lugar). Pinupuntahan ito ng mga baliyan o Palaw'ang manggagamot upang mag-pagdiwata. Isa itong ritwal ng pagbibigay-lunas na idinudulog ng baliyan sa diwata ng lugar ang mga sakit na hindi niya kayang gamutin.

Sa tradisyon ng mga Palaw'an, tanging mga lalaki lamang ang maaaring maging baliyan.

Talasalitaan

Aguho: uri ng punong may hawig sa pino (Casuarina equisetifolia)

Angri: isang mayabong na punong-gubat (Anisoptera therrifera)

bäbäräk: isang maliit na plawtang may apat na butas

bagu: isang uri ng halamang tumutubo sa kagubatan; nakakain (Garcinia venulosa)

Báktik: punong almasiga (Agathis damara)

baliyan: manggagamot at tagapamagitan

bugnan: halamang gamot na karaniwang tumutubo sa pampang ng mga ilog. Kilala rin ito bilang "kapanitulot," "mala-bulak" at "tuhod-manok"

byäk: baboy-damo

kalibangbang: paruparo

kandigan: Palawan pheasant peacock

labaw-tipdas: nakamamatay na tigdas

landak: hayop na matinik ang balat at may tigalawang ngipin sa itaas at ibaba

linamin: binibini; diwata

Linamin ät Limukän: Binibini ng Lunting Punay; isang diwata ng mga ibon (Chalcophaps indica)

lutlut: isang uri ng suman

mäbusung: di maipaliwanag na pamamaga ng tiyan

naliyanun: Palaw'ang termino para sa "sagradong lugar"

pagdiwata: ritwal ng pagpapagaling

Palaw'an: etnolingguwistikong grupong naninirahan sa Palawan

parina: insensong gawa sa dagta ng isang punong tinatawag na Taguk ng mga Palaw'an

pusu-pusu: isang uri ng suman

silumpat pagar: ayon sa mga Palaw'an, ito'y isang ilang na halamang ang bulaklak ay makapagbibigay-lunas sa kahit anong sakit. Mahirap umano itong hanapin at tanging ang mga taong may kakaibang kakayahan lamang ang makakikita nito.

ubat: halamang gamot